

TANGGAPAN NG SANGGUNIAN BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-21 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIAN BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 07 DISYEMBRE 1998, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- ABC President
Konsehal Randy P. Valencia	- SK Chairman

Hindi nakadalo: W A L A

KAPASYAHAN BLG. 078
Taong 1998

KAPASYAHANG KINUKUNDENA ANG PAMUNUAN NG PAHAYAGANG ISLAND OBSERVER SA PAGGAMIT NG PANGALAN NG SANGGUNIAN BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO SA ISANG ARTIKULONG INILATHALA SA NASABING PAHAYAGAN MAY PETSANG NOBYEMBRE 9 – 15, 1998 NA HUMIHILING NG PAGPAPATALSIK SA SERBISYO KAY DR. EFREN FAUSTINO, HEPE NG ROXAS DISTRICT HOSPITAL.

- SAPAGKA'T lumabas ang isang lathalain sa lokal na pahayagang Island Observer may petsang Nobyembre 9 – 15, 1998 ang ganito – "SB Resolution:- Hospital Chief to be dismissed from the service? Roxas, Oriental Mindoro – The Sangguniang Bayan (SB) here recently approved a resolution asking the provincial health office to dismiss from the service Dr. Efren Faustino, Chief of the Roxas District Hospital for abandoning his post";
- SAPAGKA'T ang balitang ito ay lubos na nakagulat at nakagalit sa mga miyembro ng Sangguniang Bayan ng bayang ito sa dahilang kailanman ay hindi nagkaroon ng ganitong hakbangin ang Sangguniang Bayan ng Roxas laban kay Dr. Efren Faustino;
- SAPAGKA'T lalong umigting ang isyung ito nang ang mga tauhan ng Roxas District Hospital ay nakipag-ugnayan at humarap sa regular na sesyon ng Sangguniang Bayan upang linawin ang lathalaing nabanggit kung kaya't ang kagalang-galang na katayuan ng lehislatura ay nalagay sa isang alanganin at kahiya-hiyang sitwasyon;
- SAPAGKA'T ang maling balitang ito ay lubhang nakaapekto sa magandang ugnayan ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa ibang ahensya ng pamahalaan, partikular sa puntong ito, kay Dr. Efren Faustino, na ang pangalan



ay narumihan dahil sa iresponsableng pamamahayag ng nabanggit na pahayagan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay tahasang kinukundena ang pamunuan ng Island Observer sa paggamit ng pangalan ng Sangguniang Bayan sa paglalathala ng isang artikulong walang basehan na nakapagpasama sa dangal at integridad ng kapulungang ito at sa magandang relasyon sa ibang ahensya ng pamahalaan at tauhan nito, partikular si Dr. Efren Faustino ng Roxas District Hospital.

DAHIL DITO sa nagkakaisang mungkahi ng lahat na bumubuo sa Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro –

IPINASYA ang hayagang pagkundena sa pamunuan ng pahayagang Island Observer sa paggamit ng pangalan ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa isang artikulong inilathala sa nasabing pahayagan may petsang Nobyembre 9 – 15, 1998 na humihiling ng pagpapatalsik sa serbisyo kay Dr. Efren Faustino, Hepe ng Roxas District Hospital at kapag ang ganito ay maulit pa ang kapulungan ay magsasagawa na ng legal na pag-aksyon sa maysalang pamunuan ng pahayagan.

IPINASYA RIN na suportahan si Dr. Efren Faustino sa anumang legal na aksyong isasagawa nito laban sa nabanggit na Island Observer upang bigyang-leksyon ang pamamahayag na maging mapagsuri, responsable at makatotohanan sa mga lathalain sa kanilang pahayagan.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang mga sangkot – Dr. Efren Faustino ng Roxas District Hospital at ang pamunuan ng Island Observer, Siyudad ng Calapan para sa kanilang kaalaman at karampatang aksyon, gayundin ang mga pahayagang lokal tulad ng Tamaraw Times, Island Sentinel, Binagao, Mindoro Bulletin at Naujanviews lakip ang kahilingang mailathala ang resolusyong ito upang maipalaganap sa lahat ang pagliliwanag sa nabanggit na isyu, gayundin padalhan ng sipi ang Pamahalaang Panlalawigan ng Silangang Mindoro – Gobernador at Sangguniang Panlalawigan - at ang National Press Club, para na rin sa kanilang kaalaman at kinakailangang aksyon.

Pinagtibay: 07 Disyembre 1998

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Mayor